

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Matrix ng Paglilinis at Pagdidisimpekta

### Kamakailang mga Update:

8/7/20: Nagdagdag ng karagdagang detalye para linawin na ang mga hakbang sa Pinahusay na Paglilinis (Enhanced Cleaning) ay dapat gamitin sa panahon ng mga pandemya at epidemya. Ang Aksyon ng Paglilinis (Cleaning Action) na hilera ay in-update para linawin ang mga karagdagang lugar na dapat linisin sa ilalim ng Malalimang Paglilinis (Deep Cleaning) na hanay kung may isang positibo o pinaghihinalang kaso.

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng mga rekomendasyon sa paglilinis at pagdidisimpekta ng mga silid o mga lugar inookupahan ng mga may pinaghihinalang o may kumpirmadong COVID19. Naglalayon ito sa paglilimita ng kaligtasan ng virus sa mga pangunahing kapaligiran. Ang mga gabay na ito ay nakatuon sa mga pasilidad na hindi-pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga paaralan, mga institusyon, mga tanggapan, mga sentro ng daycare, mga negosyo, at mga sentro ng komunidad na hindi tumatanggap ng mga tao na manatili ng magdamag. Ang mga gabay na ito ay hindi inilaan para sa paglilinis sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, mga sambahayan, o iba pang mga lokasyon kung saan mayroon nang umiiral na partikular na gabay. <http://ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/>

### Mga Karagdagang Konsiderasyon

- Ang mga taga-empleyo ay dapat bumuo ng mga patakaran para sa proteksyon ng manggagawa at magbigay ng pagsasanay sa lahat ng mga kawani sa paglilinis na nasa lugar bago ibigay ang mga gawain sa paglilinis. Kasama sa pagsasanay ang kung kailan gagamit ng PPE, kung anong PPE ang kinakailangan, kung paano isuot ng maayos (paglalagay sa katawan), paggamit, at pagtanggap (paghubad) ng PPE, at kung paano itapon ng maayos ang PPE.<sup>1</sup>
- Dapat tiyakin ng mga taga-empleyo na ang mga manggagawa ay sinanay sa mga panganib ng mga kemikal sa paglilinis na ginagamit sa lugar ng trabaho alinsunod sa pamantayan sa Komunikasyon ng Panganib ng OSHA (OSHA's Hazard Communication standard ) (29 CFR 1910.1200).<sup>1</sup>
- Ang mga taga-empleyo ay dapat sumunod sa mga pamantayan ng OSHA sa Mga Mikrobyo na mula sa Dugo (Bloodborne Pathogens) (29 CFR 1910.1030), kasama ang wastong pagtatapon ng kinokontrol na basura, at PPE (29 CFR 1910.132).<sup>1</sup>

	Karaniwang Paglilinis (Routine Cleaning)	Pinahusay na Paglilinis (Enhanced Cleaning)	Malalimang Paglilinis (Deep Cleaning)
Paglalarawan	Ang mga kasanayan sa karaniwang paglilinis ay ipinatupad.	Ang mga kasanayan sa karaniwang paglilinis <b>AT SAKA</b> karagdagang paglilinis at pagdidisimpekta sa mga madalas hawakan (high-touch) na mga ibabaw (surface) sa panahon ng isang nakahahawang sakit o lokal na epidemya upang maiwasan ang sakit.	Ang karaniwang at pinahusay na paglilinis <b>AT SAKA</b> espesyal na paglilinis ng lugar na inookupahan ng isang tao na pinaghihinalaan o nakumpirma na positibo (+) para sa isang nakakahawang sakit.

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Matrix ng Paglilinis at Pagdidisimpekta

	Karaniwang Paglilinis (Routine Cleaning)	Pinahusay na Paglilinis (Enhanced Cleaning)	Malalimang Paglilinis (Deep Cleaning)
Personal na Pamprotekta na Kagamitan (PPE)	Kung gumagamit ng mga kemikal, magsuot ng mga guwantes upang maprotektahan ang mga kamay.	Magsuot ng mga guwantes <b>AT SAKA</b> mga splash goggle kung may panganib ng pagtalsik. <sup>1</sup> Tiyaking sumangguni sa Mga Sheet ng Impormasyon ng Kaligtasan (Safety Data Sheets) o sundin ang mga tagubilin na nakatatak sa kemikal.	Magsuot ng mga guwantes, mga splash goggles, panangga ng mukha, mga gown/coverall, respirator kung may panganib ng pagtalsik. <sup>1</sup> Tiyaking sumangguni sa mga Sheet ng Impormasyon ng Kaligtasan o sundin ang mga tagubilin sa tatak ng kemikal.
Pandisimpekta	Gumamit ng pang-araw-araw na mga suplay sa paglilinis at mga pandisimpekta para sa mga regular na ibabaw tulad ng mga sahig, mga lamesa, mga patungan, mga lababo, mga palikuran, at iba pang matigas na ibabaw na kasangkapan at kagamitan.	Gumamit ng karaniwang paglilinis na mga pandisimpekta o iba pang naaprubahan na mga pandisimpekta <sup>1</sup> para sa karaniwang mga ibabaw <b>AT SAKA</b> isang nakarehistro sa EPA na pandisimpekta na inaprubahan para sa mga virus / bakteryal na nagdudulot ng sakit (bacterial pathogen) para sa mga madalas hawakan na mga ibabaw.	Gumamit ng isang nakarehistro sa EPA na pandisimpekta na naaprubahan para sa mga umuusbong na mga mikrobyo. <sup>2</sup>
Mga Aksyon sa Paglilinis	Gawin ang mga sumusunod na kasanayan:  a) Alisin ang alikabok sa mga matitigas na ibabaw. b) Punasan ng mamasa-masa ang mga matitigas na ibabaw para matanggal ang mga dumi c) Basang i-mop ang mga sahig d) I-vacuum ang mga karpit at mga sapin	a) Magsagawa ng mga karaniwang paglilinis na aksyon <b>AT SAKA</b> pagdagdag sa dalas ng paglilinis at pagdidisimpekta ng madalas hawakan na hindi sumisipsip (non-porous) na mga bagay/ibabaw sa buong gusali. b) Linisin gamit ang maligamgam na tubig at sabon/deterhente. Disimpektahin ang mga madalas hawakan ng hindi sumisipsip na ibabaw hindi bababa sa araw-araw. c) Linisin ang mga mantsa/dumi sa mga sumisipsip na ibabaw (porous surface) (hal. karpit, basahan, kasangkapan, at mga kurtina) gamit ang naaangkop na panlinis na ipinahiwatig para magamit sa materyal.	a) Isara ang puwang/lugar na ginamit ng may sakit na naninirahan at maghintay ng hanggang 24 oras bago pumasok kung ito ay praktikal. <sup>1</sup> b) Buksan ang mga pintuan sa labas at mga bintana sa lugar ng may sakit upang madagdagan ang sirkulasyon ng hangin kung maaari. <sup>1</sup> c) Magsagawa ng karaniwang at pinahusay na paglilinis na mga aksyon <b>AT SAKA</b> masusing paglilinis at pagdidisimpekta ng LAHAT ng mga hindi sumisipsip na ibabaw lalo na ang madalas hawakan na ibabaw (hal. mesa,

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Matrix ng Paglilinis at Pagdidisimpekta

	Karaniwang Paglilinis (Routine Cleaning)	Pinahusay na Paglilinis (Enhanced Cleaning)	Malalimang Paglilinis (Deep Cleaning)
			<p>lamesa, matigas na upuan sa likod, hawakan ng pinto, suwits ng ilaw, hawakan, kompyuter, keyboard, mouse, mga telepono) sa puwang/opisina ng may sakit na nag-ookupa, pati na rin sa mga pinagsasaluhang kagamitan (tulad ng mga tablet, touch screen, keyboard, remote control, at mga makina ng ATM sa mga banyo at pinagsasaluhang lugar na ginagamit ng may sakit na indibidwal na may pagtuon sa mga ibabaw na madalas mahawakan.</p> <p>d) Para sa mga sumisipsip na ibabaw (karpit, sofa, upuan, basahan, at mga kurtina) sa puwang/opisina ng may sakit na nag-ookupa, alisin ang nakikitang kontaminasyon, linisin gamit ang naaangkop na mga panlinis, at disimpektahin gamit ang isang likido/spray na ipinahiwatig para magamit sa materyal.</p> <p>e) Kapag ang masusing paglilinis at pagdidisimpekta ay nakumpleto na ang puwang/lugar ay maaaring nag-reoccupied ulit.</p>

1. CDC Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19) Mga Rekomendasyon sa Pangkapaligiran na Paglilinis at Pagdidisimpekta (CDC Coronavirus Disease 2019 [COVID-19] Environmental Cleaning and Disinfection Recommendations) <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html>
2. EPA, Listahan N: Mga Pandisimpekta na Gagamitin Laban sa SARS-CoV-2 (EPA, List N: Disinfectants for Use Against SARS-CoV-2) <https://www.epa.gov/pesticide->



# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Matrix ng Paglilinis at Pagdidisimpekta

[regmission/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2](#)

